# MUSIKA
## Ika-apat na Baitang
## Modyul 2

# PAGLALARAWAN NG PULSO



## ALAMIN MO

Ang **pulso** ay nagbibigay-kaayusan sa daloy ng tunog. Ang musika ay parang tao, may pulso o tibok na kung tawagin ay kumpas o bilang.

Sa modyul na ito ay mararanasan mo na mailarawan ang pulso sa pamamagitan ng pagguhit nang paulit-ulit at pantay na mga linyang patayo kasabay ng himig na inaawit o pinakikinggan.



## PAGBALIK-ARALAN MO

Awitin mo ang "Leron Leron Sinta."
Magmartsa ka ng kaliwa, kanan, kaliwa, kanan sa bawat bagsak ng pulso.
Iguhit mo sa hangin ang pulso habang umaawit.



## PAG-ARALAN MO

1. Basahin mo ang tugmang pambata na ito.



```
|       |          |        |
Bu buka  ang   bu lak lak
|       |          |        |
Sa  sara ang   bu lak lak
|       |           |      |
Papa sok  ang   rey   na
|       |       |
Sa sayaw   siya
  |      |          |        |
[ Bum tiya  yabum   tiya
     |          |    |
  Yabum ,   ye  ye  ] 2x
```

2. Ipalakpak nang tuloy-tuloy ang pulso ng tugma.



3. Habang sabay na binabasa at pinapalakpak ang pulso, pansinin mo ang mga pantay na guhit sa tapat ng bawat salitang binabagsakan ng pulso.

4. Narito ang isa pang tugmang pambata.

Bata batuta

Sumpay muta

Aplan dalugdog

Sinaw itlog



a. Bigkasin ang tugmang Bata,Batuta
b. Ipalakpak ang pulso ng tugma
c. Isulat ang pantay na guhit sa binabagsakan ng pulso ng tugma

5. Awitin mo ang “Pen Pen de Sarapen”




- Damahin mo sa pamamagitan ng pagpitik sa daliri (snap) ang pulso ng awit

- Iguhit sa hangin ang pulso ng awit



- Isulat mo sa ibabaw ng titik ng awit ang pantay-pantay na guhit sa tapat ng bawat salitang binabagsakan ng pulso.

| | | |
Halimbawa: Pen Pen de Sarapen

- Ituloy mo



## SUBUKAN MO


1. Awitin ang "Magtanim ay Di Biro."
2. Ipalakpak ang pulso habang umaawit.
3. Iguhit sa hangin ang pulsong nadarama habang umaawit.
4. Isulat ang pantay na guhit sa bahaging binabagsakan ng pulso.

MAGTANIM AY DI BIRO

MAGHAPON NAKAYUKO

DI NAMAN MAKATAYO

DI NAMAN MAKAUPO



## TANDAAN MO

Ang pulso ng tunog ay maaaring ilarawan sa pamamagitan ng pantay-pantay na guhit (| | | | | | |)






## PAGTATAYA

Ilarawan ang pulso ng tunog sa pamamagitan ng paglalagay ng pantay-pantay na guhit sa ibabaw ng titik ng awiting Sitsiritsit.

SITSIRITSIT ALIBANGBANG
SALAGINTO SALAGUBANG
ANG BABAE SA LANSANGAN
KUNG GUMIRI'Y PARANG LANGGAM



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.

